



American
Heart
Association.

Fact Sheet ukol sa Update sa Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke para sa 2025 Mga Lalaki at Mga Cardiovascular na Sakit

Cardiovascular Disease (CVD) (ICD-9 390 hanggang 459; ICD-10 I00 hanggang I99)

- Ayon sa 2017 hanggang 2020 na data, 52.4% ng mga lalaki edad 20 pataas ay nagkaroon na ng isang uri ng CVD, kumpara sa 44.8% sa mga babae.
- Ayon sa 2017 hanggang 2020 na data, sa mga lalaki edad 20 pataas, 58.9% ng mga non-Hispanic (NH) Black na lalaki, 51.9% ng mga Hispanic na lalaki, 51.5% ng mga NH Asian na lalaki, at 51.2% ng mga NH White na lalaki ang nagkaroon na ng isang anyo ng CVD.
- Noong 2022, CVD ang dahilan ng pagkamatay ng 494,740 lalaki. Mga lalaki ang bumubuo sa 52.5% ng mga pagkamatay dahil sa CVD.
- Noong 2021, 56,705 peripheral arterial bypass procedure ang isinagawa at 36,715 sa mga iyon ay sa mga lalaki. Sa 444,730 percutaneous coronary intervention (PCI) procedure na isinagawa, 301,385 ang sa mga lalaki.
- Noong 2023, 4,545 heart transplantation ang isinagawa sa Estados Unidos, ito ang pinakamataas. Sa mga iyon, 70.6% ay sa mga lalaki.

Coronary Heart Disease (CHD) (ICD-9 410 hanggang 414, 429.2; ICD-10 I20 hanggang I25 (kabilang ang MI ICD-10 I21 hanggang I22))

- Ayon sa data mula 2017 hanggang 2020, humigit-kumulang 11.7 milyong lalaki (8.7% ng mga lalaking nasa hustong gulang) edad 20 pataas ang nagkaroon na ng CHD; 6.1 milyong lalaki (4.5% ng mga lalaking nasa hustong gulang) ay may history ng myocardial infarction (MI, o atake sa puso).
- Sa mga lalaki edad 20 pataas mula 2017 hanggang 2020, 9.4% ng mga NH White na lalaki, 6.2% ng mga NH Black na lalaki, 6.8% ng mga Hispanic na lalaki, at 5.2% ng mga NH Asian na lalaki ang nagkaroon na ng CHD.
- Sa mga lalaki edad 20 pataas mula 2017 hanggang 2020, 4.8% ng mga NH White na lalaki, 4.0% ng mga NH Black na lalaki, 3.1% ng mga Hispanic na lalaki, at 2.8% ng mga NH Asian na lalaki ang nakaranas na dati ng MI.
- Batay sa data mula 2005 hanggang 2014, ang average na edad ng unang MI ay 65.6 taong gulang para sa mga lalaki at 72.0 taong gulang para sa mga babae.
- CHD ang sanhi ng mga pagkamatay ng 223,952 lalaki noong 2022; 62,571 lalaki ang namatay dahil sa MI.

Stroke (ICD-9 430 hanggang 438; ICD-10 I60 hanggang I69)

- Mula 2017 hanggang 2020, ang dami ng naso-stroke sa mga lalaki edad 20 pataas ay 4 na milyon (2.9% ng mga lalaki) kumpara sa 5.4 milyong babae (3.6% ng mga babae).
- Sa mga lalaki edad 20 pataas, na-stroke na dati ang mga sumusunod: 2.7% ng mga NH White na lalaki; 4.8% ng mga NH Black na lalaki, 2.5% ng mga Hispanic na lalaki, at 1.8% ng mga NH Asian na lalaki.

Mga Lalaki at CVD - Fact Sheet ukol sa Istatistika sa 2025

- Noong 2022, stroke ang dahilan ng pagkamatay ng 71,819 lalaki (43.4% ng kabuuang pagkamatay dahil sa stroke).

High Blood Pressure (ICD-9 401 hanggang 404; ICD-10 I10 hanggang I15)

- Sa mga lalaki edad 20 pataas mula 2017 hanggang 2020, 62.8 milyon (50.4% ng mga lalaki) ang may high blood pressure, o altapresyon.
- Mula 2017 hanggang 2020, mas mataas na porsyento ng mga lalaki kaysa sa mga babae ang may hypertension sa lahat ng kategorya ng edad hanggang edad 64. Para sa mga may edad 65 pataas, ang porsyento ng mga babaeng may hypertension ay mas mataas kumpara sa mga lalaki.
 - Sa mga lalaki edad 20 pataas mula 2017 hanggang 2020, 48.9% ng mga NH White na lalaki, 57.5% ng mga NH Black na lalaki, 50.3% ng mga Hispanic na lalaki, at 50.2% ng mga NH Asian na lalaki ang nagkaroon na ng HBP.
 - Noong 2022, 63,901 lalaki ang namatay dahil sa HBP. Kumakatawan ito sa 48.6% ng mga pagkamatay dahil sa HBP.

Heart Failure (HF) (ICD-9 428; ICD-10 I50)

- Mula 2017 hanggang 2020, humigit-kumulang 3.7 milyong nabubuhay na lalaking nasa hustong gulang edad 20 pataas ang may HF.
- Mula 2017 hanggang 2020, ang pangkalahatang dami ng kaso ng HF para sa mga lalaki edad 20 pataas ay 2.7%. Sa mga nasa hustong gulang na lalaki, nagkaroon na ng HF ang mga sumusunod: 2.9% ng mga NH White na lalaki; 3.8% ng mga NH Black na lalaki, 1.8% ng mga Hispanic na lalaki, at 1.4% ng mga NH Asian na lalaki.
- Noong 2022, 41,657 lalaki ang namatay dahil sa HF.

Paninigarilyo

- Ayon sa 2022 na data, ang lifetime na paggamit ng mga produktong tabako para sa mga indibidwal edad 12 hanggang 17 ay mas mataas sa mga lalaki kumpara sa mga babae (8.9% kumpara sa 8.4%).
- Noong 2021, mas maraming nasa hustong gulang na lalaki ≥ 18 taong gulang (13.1%) ang kasalukuyang naninigarilyo kumpara sa mga babae (10.1%).
- Ayon sa 2023 data, mga e-cigarette ang pinakakaraniwang ginagamit na produktong tabako sa mga kabataan. Sa mga estudyante sa high school, ang mga rate ng kasalukuyang paggamit ng e-cigarette ay mas mataas sa mga babae (12.2%) kumpara sa mga lalaki (8.0%).

Mataas na Cholesterol sa Dugo

- Ayon sa 2017 hanggang 2020 na data, sa mga batang may edad na 6 hanggang 11 taong gulang, ang mean na total cholesterol level ay 157.4 mg/dL. Para sa mga lalaki, ito ay 157.5 mg/dL; para sa mga babae, ito ay 157.2 mg/dL.
- Ayon sa data mula 2017 hanggang 2020, sa mga kabataang may edad na 12 hanggang 19 na taong gulang, ang mean na total cholesterol level ay 154.8 mg/dL. Para sa mga lalaki, ito ay 150.1 mg/dL; para sa mga babae, ito ay 159.7 mg/dL.
- Sa mga nasa hustong gulang edad 20 pataas noong 2017 hanggang 2020:
 - o 32.8% ng mga lalaki at 36.2% ng mga babae ang nagkaroon ng mga total cholesterol level na 200 mg/dL o mas mataas.
 - o 9.5% ng mga lalaki at 10.4% ng mga babae ang nagkaroon ng mga total cholesterol level na 240 mg/dL o mas mataas.

Mga Lalaki at CVD - Fact Sheet ukol sa Istatistika sa 2025

- o 25.6% ng mga lalaki at 25.4% ng mga babae ang nagkaroon ng low-density lipoprotein (LDL) cholesterol na 130 mg/dL o mas mataas.
- o 24.9% ng mga lalaki at 9.3% ng mga babae ang nagkaroon ng high-density lipoprotein (HDL) cholesterol na wala pang 40 mg/dL.

Pisikal na Aktibidad

- Ayon sa 2022 na data, 18.9% ang mga kabataang edad 6 hanggang 17 taon na aktibo sa loob ng ≥ 60 minuto araw-araw sa buong linggo. Mas mataas ang porsyento sa mga lalaki (22.0%) kumpara sa mga babae (15.6%).
- Ayon sa 2022 na data, 22.0% ang mga kabataan edad 0 hanggang 17 taon na naglalaan ng ≥ 4 h/d sa harap ng telebisyon, computer, cell phone, o iba pang electronic device sa panonood ng mga programa, paglalaro, pag-access sa internet, o paggamit ng social media (hindi kasama ang gawain sa eskwelahan) sa karamihan ng mga weekday. Ang porsyento ay 23.0% para sa mga lalaki at 21.4% para sa mga babae.
- Ayon sa NHIS 2020, bumababa sa pag-edad ang porsyento ng mga lalaking nasa hustong gulang na nakakatugon sa mga aerobic na alituntunin at mga alituntunin sa pagpapalakas ng muscle. Para sa mga lalaki, ang porsyento ng nakakatugon sa parehong alituntunin ay 41.3% para sa 18 hanggang 34 na taong gulang, 29.4% para sa 35 hanggang 49 na taong gulang, 21.6% para sa 50 hanggang 64 na taong gulang, at 15.3% para sa 65 taong gulang pataas.

Labis na Timbang at Obesity

Gamit ang data mula 2017 hanggang 2020:

- Tinatayang 20.9% ng mga lalaki edad 2 hanggang 19 ang obese; 17.6% ng mga NH White na lalaki, 18.8% ng mga NH Black na lalaki, 29.3% ng mga Hispanic na lalaki, at 13.1% ng mga NH Asian na lalaki.
- Sa lahat ng nasa hustong gulang na lalaki edad 20 pataas, 41.8% ang obese; 43.1% ng mga NH White na lalaki, 40.4% ng mga NH Black na lalaki, 45.2% ng mga Hispanic na lalaki, at 17.6% ng mga NH Asian na lalaki.

Diabetes (ICD-9 250; ICD-10 E10 hanggang E11)

- Sa tinatayang 29.3 milyong nasa hustong gulang na Amerikanong na-diagnose na may diabetes ng doktor noong 2017 hanggang 2020, humigit-kumulang 16.4 milyon ang mga lalaki (12.2% ng lahat ng lalaking nasa hustong gulang); sa lahat ng nasa hustong gulang na lalaki, ang na-diagnose na may diabetes ng doktor ay 11.5% ng mga NH White na lalaki, 11.8% ng mga NH Black na lalaki, 14.5% ng mga Hispanic na lalaki, at 14.4% ng mga NH Asian na lalaki.
- Sa tinatayang 9.7 milyong Amerikanong nasa hustong gulang (edad 20 pataas) na may hindi na-diagnose na diabetes noong 2017 hanggang 2020, humigit-kumulang 4.6 milyon ang lalaki (3.5% ng lahat ng lalaking nasa hustong gulang); sa lahat ng lalaking nasa hustong gulang, hindi na-diagnose ang diabetes sa 2.6% ng mga NH White na lalaki, 5.6% ng mga NH Black na lalaki, 5.3% ng mga Hispanic na lalaki, at 5.4% ng mga NH Asian na lalaki.
- Sa tinatayang 115.9 milyong Amerikanong nasa hustong gulang na may prediabetes noong 2017 hanggang 2020, humigit-kumulang 63.5 milyon ang mga lalaki (52.9% ng lahat ng lalaking nasa hustong gulang); sa lahat ng nasa hustong gulang na lalaki, may prediabetes ang 57.2% ng mga NH White na lalaki; 35.3% ng mga NH Black na lalaki, 50.7% ng mga Hispanic na lalaki at 51.6% ng mga NH Asian na lalaki.

Mga Lalaki at CVD - Fact Sheet ukol sa Istatistika sa 2025

- Noong 2022, 57,557 lalaki ang namatay dahil sa diabetes (56.9% ng mga pagkamatay dahil sa diabetes).

Ang mga fact sheet, infographics, at mga kasalukuyan/dating paglalathala ng Update sa Istatistika ay mada-download mula sa:

[Heart and Stroke Association Statistics | American Heart Association](#) (website sa Ingles).

Maraming istratehika sa fact sheet na ito ang galing sa mga hindi nailathalang tabulation na pinagsama-sama para sa dokumento ng Update sa Istatistika at maaaring banggitin gamit ang citation sa dokumento na nakalista sa ibaba. Nakalista sa buong dokumento ang mga pinagkunan ng data na ginamit para sa mga tabulation. Dagdag dito, nanggaling sa mga nailathalang pag-aaral ang ilang istratehika. Kung babanggitin mo ang alinman sa mga istratehika sa fact sheet na ito, pakibasa ang buong dokumento ng Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke upang malaman ang mga pinagkunan ng data at orihinal na citation.

Hinihiling ng American Heart Association na banggitin ang buong dokumento na gaya ng sumusunod:

Martin SS, Aday AW, Allen NB, Almarzooq ZI, Anderson CAM, Arora P, Avery CL, Baker-Smith CM, Bansal N, Beaton AZ, Commodore-Mensah Y, Currie ME, Elkind MSV, Fan W, Generoso G, Gibbs BB, Heard DG, Hiremath S, Johansen MC, Kazi DS, Ko D, Leppert MH, Magnani JW, Michos ED, Mussolino ME, Parikh NI, Perman SM, Rezk-Hanna M, Roth GA, Shah NS, Springer MV, St-Onge M-P, Thacker EL, Urbut SM, Van Spall HGC, Voeks JH, Whelton SP, Wong ND, Wong SS, Yaffe K, Palaniappan LP; sa ngalan ng Komite sa Mga Istatistika at Komite sa Mga Istatistika ng Stroke ng Konseho sa Epidemiyolohiya at Pag-iwas ng American Heart Association. Mga istratehika ng sakit sa puso at stroke sa 2025: isang ulat mula sa American Heart Association tungkol sa data mula sa US at buong mundo. *Circulation*. Na-publish online noong Enero 27, 2025.

Pakidirekta ang lahat ng tanong sa media sa News Media Relations sa <http://newsroom.heart.org/newsmedia/contacts> (website sa Ingles).